

## I-BOOKS: LOKALISADONG MATERYAL SA PAGLINANG NG KASANAYAN SA AKADEMIKONG PAGSULAT SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

Kimberly T. Revellame<sup>1</sup>, Sierra Marie S. AycardoPhd<sup>2</sup>

<sup>1</sup>(Senior High School Department, Infanta National High School, Infanta, Quezon, Philippines)

<sup>2</sup>(College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-Santa Cruz Campus, Philippines)

**ABSTRACT:** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang epekto ng Lokalisadong Materyal sa paglinang ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng experimental na pamamaraan. Ang mga respondente ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling sa Baitang 11 na may kabuuang 60 na mag-aaral sa Infanta National High School. Ang mananaliksik ay gumagamit ng I:Books na lokalizado, isang self-made checklist questionnaire at pre-test at post-test bilang instrumento. Batay sa nakalap na mga datos, ang antas ng pagtanggap ng lokalisdong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Layunin, Nilalaman, Gawain, Pagtataya at Pagbabaybay, Wastong gamit ng salita at Wastong gamit ng bantas ay may punang Napakataas. Dahil sa hindi nagkakalayong iskor ng dalawang pangkat sa paunang pagsusulit ang kanilang pag-unawa sa Filipino ay may punang medyo tanggap. Ayon naman sa resulta ng panapos na pagsusulit, ang antas ng pag-unawa ng pangkat kontrol ay may punang katanggap-tanggap. Samantalang ang antas naman ng pag-unawa ng pangkat eksperimental ay may punang lubos na katanggap-tanggap. Gayon din ipinakita sa datos na may makabuluhang pagkakaiba ang perormans ng dalawang pangkat ayon sa kanilang panapos na pagsusulit.

**KEYWORDS :** *Kasanayan, Lokalizado, Materyal, Pagsulat, Pag-unawa*

### I. PANIMULA

Sa pang-araw-araw na pamumuhay, ang kakayahang magsulat ay isang napakahalagang kasanayan na ginagamit natin upang ipahayag ang ating mga ideya, damdamin, at impormasyon sa iba. Ito ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na makapag-ambag sa lipunan, magpahayag ng mga kaisipan, at itaguyod ang kasaysayan at kultura ng ating bansa. Ang pagsusulat ay isang mapanagot na paraan upang malinaw na maiparating ang ating mga layunin at adhikain sa iba. Ito ay nagbubukas ng pintuan sa masusing pag-unawa.

Banggit nga ni Redondo (2022), ang pagsusulat ay kaakibat ng pag-iisip, at ang kalidad ng pagsulat ay nagrerefleksyon ng kalidad ng pag-iisip. Ito ay hindi lamang pagbuo ng salita kundi pagsasanib ng mga ideya. Ang pagsusulat ay hindi simpleng kasanayan, kundi isang proseso ng pag-organisa ng mga ideya.

Sa isang pagsusuri ni De Juan (2016) sa pagtuturo ng wikang Filipino, binanggit niya ang ilang mga hamon na kinakaharap ng mga guro. Unang-una, nabanggit niya ang pagkakaroon ng kamalian sa pakikipagtalastasan bilang isang aspeto. Pangalawa, tinukoy niya ang kakulangan ng mga guro sa kaalaman ukol sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Ikatlo, tinalakay niya ang kakulangan ng kaalaman sa estruktura ng gramatika, kabilang ang pagbabaybay at paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita. Ikaapat, nagsalaysay si De Juan ng kakulangan sa pagpapabuti ng kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo. Ikalima, binanggit niya ang hamon ng mga guro at mag-aaral sa pag-unawa at pagtuturo ng mga matatalinhang salita o pahayag. At huli, nabanggit niya ang kakulangan sa kaalaman sa paggamit ng mga totoong kagamitan sa pagtataya ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Ayon kay Bringas (2014) kinakailangang maiangkop ang kurikulum sa mga lokal na kondisyon gayundin ang pag-uugnay ng konteksto ng kurikulum sa proseso ng pagtuturo at pag-aaral sa lokal na kapaligiran.

Upang mapaunlad ang mga kasanayan ng mag-aaral sa Akademikong Pagsulat ang mananaliksik ay bumuo ng mga lokal na materyal sa pagtuturo. Ito ay ginawa dahil sa kakulangan ng pagsasanay sa sining ng Akademikong Pagsulat. Ang paggawa ng materyal na angkop ay makatutulong sa mga mag-aaral na magtagumpay at mapabilis ang kanilang pag-aaral.

## II. LAYUNIN

Nilayong malaman sa pag-aaral na ito ang: (1) antas ng pagtanggap nglokalisadongmateryal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa layunin, nilalaman, gawain at pagtataya. (2) antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Akademikong Pagsulat batay sa: pagbabaybay, wastong gamit ng salita at wastong gamit ng bantas. (3) antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral ng pangkat kontrol at eksperimental sa Filipino ayon sa kanilang iskor sa paunang pagsusulit. (4) antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral ng pangkat kontrol at eksperimental sa Filipino ayon sa kanilang iskor sa panapos na pagsusulit. (5) makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral ng pangkat kontrol at eksperimental ayon sa kanilang paunang pagsusulit. (6) makabuluhang pagkakaiba ba antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral ng pangkat kontrol at eksperimental ayon sa kanilang panapos na pagsusulit. (7) makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol ayon sa kanilang pauna at panapos na pagsusulit. (8) makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ayon sa kanilang pauna at panapos na pagsusulit. (9) makabuluhang epekto ba ang lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat at Pagganap ng mga Mag-aaral.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang ugnayan ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat kung saan ito ay gagamitan ng quasi-experimental. Ito ay tumutukoy kung mayroong kaugnayan ang sanhi at epekto sa pagitan ng mga malaya at hindi malayang baryabol ayon kay Loewen at Plonsky na sinang-ayunan ni Siedlecki (2020).Gaya na lamang sa pag-aaral ni Aguilar (2022) na naging makabuluhan ang paggamit ng quasi-experimental sa kanyang ginawang materyal naging matagumapay ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral.Sapagkat susukatin nito ang epektong paggamit Lokalisadong Materyal sa paglinang ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat at Pagganap ng mga Mag-aaral sa Infanta National High School.

Ang tagasagot sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral na nasa baitang 11 sa Infanta National High School. Dalawang seksyong ang pipiliin ng mananaliksik upang masukat ang performans ng mag-aaral ang seksyon ng GAS-A ang gagamitin sa pangkat kontrol at ang seksyon GAS -B ang gagamitin sa pangkat eksperimental. Ang mga tagatugon na ito ang napili ng mananaliksik na aangkop sa kakayahan sa paggamit ng materyal. Ang mananaliksik ay gagamitin ng “purposive sampling” upang matukoy ang resulta ng pauna at panghuling kasanayan gamit ang lokal na materyal sa nasabing asignatura.

Ang mananaliksik ay bumuo ng isang lokalisyong kagamitan upang makatugon sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang ginawang talatanungan ng mananaliksik ay gagamitin bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos. Gagamitin ang mananaliksik ng talatanungan upang masukat ang paggamit ng materyal at ang kakayahan nila sa akademikong pagsulat. Layunin ng talatanungan na makagawa ng pagtataya sa mga eksperto sa asignatura, ang mga guro sa Filipino at dalubguro at mag-aaral. Ang talatanungan ay may dalawang bahagi (2) bahagi. Ang unang bahagi ay kinapapalooban ng layunin, nilalaman, gawain at pagtataya samantalang ang ikalawang bahagi ay kinabibilangan ng mga sumusunod; pagbabybay, wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas.

Ang Likert scale ang gagamitin ng mananaliksik upang masukat ang paggamit ng lokalisyong materyal at ang kakayahan sa malikhang pagsulat. Gumawa rin ang pauna at panapos na pagsusulit ang mananaliksik upang mataya ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang performans

Pinasuri ng mananaliksik ang binuong lokal na materyal, kasama ang isang talatanungan, mula sa limang (5) guro ng asignaturang Filipino sa pampublikong paaralan. Ang mananaliksik ay nagbigay ng paunang pagsusulit ng wala pang ginagamit na lokalisadong materyal. Gamit ang mga impormasyon mula sa aklat, modyul, at internet, pinagsama ng mananaliksik ang biswal na materyal na naglalaman ng mga layunin, nilalaman, at kasanayan sa pagsulat. Gayun din ang mananaliksik ay gumamit ng lokalisadong materyal upang makatulong sa kasanayan sa pagsulat ng naglalaman ng mga tula at maikling kwento batay sa layunin ng Asignatura. Ang mananaliksik ay nagbigay ng pangwakas na pagsusulit pagkatapos gamitin ang lokalisadong materyal. Pagkatapos mapagtibay ng mananaliksik ang mga ginamit sa pag-aaral tulad ng lokal na materyal at talatanungan, binigyan ng mananaliksik ng paunang pagsusulit ang mga respondente pagkatapos ay pinagamit ang nabuong lokal na materyal upang matukoy kung may kaugnayan ang lokal na materyal sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat.

Upang mabigyan ng malinaw na pagsusuri, interpretasyon at pagtataya ang mga nakalap na datos upang mabatid ang epekto ng paggamit “Lokalisadong Materyal sa Paglinang ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat sa Infanta National High School, Taong-Panuruan 2023-2024. Gumamit ang mananaliksik ng Mean at Ranggo upang alamin ang antas ng paggamit ng I:Books sa pagpapaunlad ng kaalaman at perormans sa Filipino gamit ang talatanungan na sinagutan ng mga mag-aaral. Ginamit ang Mean at Standard Deviation para matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral na nasa pangkat kontrol at eksperimental. T-test ang ginamit upang alamin kung may makabuhulang pagkakaiba ang pagganap ng mga mag-aaral na nasa pangkat kontrol at

ekperimental batay sa resulta ng paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit. Ginamit naman ang Cohen's D upang alamin kung may makabuluhang epekto ang I:Books sa pagpapaunlad ng kaalaman at perormans ng mga mag-aaral sa Filipino.

#### IV. RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1. Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Layunin.**

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Sumasagot sa pangangailangan ng mga mag-aaral	4.73	Napakataas	3.5
2. Nakapagpapataas ng kognitibong kaisipan ng mga mag-aaral	4.73	Napakataas	3.5
3. Nakatutulong sa pagpapalago ng kasanayan at kaalaman sa Filipino	4.83	Napakataas	1.5
4. Nagbabahagi ng kaalaman sa mga mag-aaral upang maisagawa ng maayos ang mga gawain	4.70	Napakataas	5
5. Nauunawaan at naisasabuhay ng mga mag-aaral	4.83	Napakataas	1.5
<b>AWM</b>	<b>4.77</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahanayang 1 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa layunin ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Ang layunin ng lokalisadong materyal ay may napakataas na pagtanggap mula sa mga mag-aaral. Nakita sa mga datos na ang materyal ay mahusay na natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, na may weighted mean na 4.73, na nagpapakita ng epektibong paggamit nito sa kanilang pag-aaral. Bukod dito, ang materyal ay nakapagpapataas ng kognitibong pag-unawa ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.73), na positibong nakakaapekto sa kanilang akademikong pagganap. Napagalaman din na ang materyal ay lubos na nakatutulong sa pagpapalago ng kasanayan at kaalaman sa Filipino (weighted mean: 4.83), na isang pangunahing layunin ng paggamit ng lokalisadong materyal. Ang materyal ay epektibong nakakapagbahagi ng kaalaman na kailangan ng mga mag-aaral upang maisagawa ng maayos ang kanilang mga gawain (weighted mean: 4.70). Sa kabuuan, ang mga mag-aaral ay lubos na nakakaunawa at naisasabuhay ang mga natutunan mula sa materyal (weighted mean: 4.83). Sa kabuuan nakakuha ng (average weighted mean na 4.77) na may verbal na interpretasyon na napakataas. Sa pangkalahatan, ang lokalisadong materyal ay napakataas ang pagtanggap, na nagpapakita na ito ay epektibo sa pagsuporta sa mga akademikong pangangailangan at layunin ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang materyal ay hindi lamang nakakatulong sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, kundi pati na rin sa kabuuang pag-unlad ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ito ay sinoportahan ng pagbibigay kahulugan ni Bendal (2018), ang layunin ay tiyak na kaalaman, kakayahan at kasanayan na inaasintang makamit sa pag-aaral ng modyul. Ang mga pahayag na ito ay naglalagom na ang layunin ay nagsisilbing gabay sa mga guro at sa mga mag-aaral upang makamit ang tinatarget na kaalaman, kasanayan o kakayahan na dapat malinang sa mga mag-aaral. Nilinaw naman ni Talabis (2018) na ang mga layunin ang target na kaalaman o tunguhin na kailangang maabot ng mga mag-aaral pagkatapos gumamit ng isang supplementary kagamitan. Mahalaga ang mga kagamitang likha ng mga guro na makakatulong sa paglago ng kaalaman ng mga mag-aaral, lalo na ang mga layuning nakalahad sa bawat paksang tatalakayin.

**Talahanayan 2. Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Nilalaman.**

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Naayon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa klase	4.83	Napakataas	1
2. Nakakatulong upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay	4.80	Napakataas	2
3. May kinalaman sa wika at gramatika	4.77	Napakataas	3.5
4. Madaling maunawaan ang mga impormasyon sa materyal	4.73	Napakataas	5
5. Maykaugnayan sa impormasyon na ibinabahagi ng guro sa klase	4.77	Napakataas	3.5
<b>AWM</b>	<b>4.78</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahanayang 2 ay naglalahad ng antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Nilalaman ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabasan ng pag-aaral. Ang nilalaman ng lokalisadong materyal ay lubos na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, na may weighted mean na 4.83. Ito ay nagpapakita na ang materyal ay mahusay na idinisenyo upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa klase. Ang materyal ay epektibo rin sa pagpapaliwanag ng mga pagsasanay, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.80). Ang nilalaman ng materyal ay may malaking kaugnayan sa wika at gramatika (weighted mean: 4.77), na mahalaga sa paglinang ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang impormasyon sa materyal ay madaling maunawaan (weighted mean: 4.73), na nagpapadali sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang materyal ay may kaugnayan sa mga impormasyon na ibinabahagi ng guro (weighted mean: 4.77), na nag-aambag sa pagiging epektibo nito sa pagtuturo. Sa kabuuan nakakuha ng (average weighted mean na 4.78) na may verbal na interpretasyon na napakataas. Sa pangkalahatan, ang nilalaman ng lokalisadong materyal ay napakataas ang pagtanggap, na nagpapakita ng pagiging epektibo at angkop nito sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang materyal ay matagumpay na nakakatulong sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, at malaki ang kontribusyon nito sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Paliwang nga ni Derekhalper, (2013) sinabi niya na ang nilalaman ay nagmumula sa anumang anyo (audio, teksto, video) at ipinapaalam, naaliw, nagpapaliwanag, o nagtuturo sa mga taong kumonsumo nito. Ang pagkakaroon ng maayos at malinaw na nilalaman ay nakakaapekto din sa mga manunood o mambabasa.

### **Talahaan 3 Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Gawain**

<b>Mga pahayag</b>	<b>Weighted Mean</b>	<b>Verbal Interpretation</b>	<b>Rank</b>
1. Nakapagbibigay ng kawilihan ang mga aktibiti sa mga mag-aaral	4.90	Napakataas	1
2. Nasusunod ang mga panuto	4.73	Napakataas	4.5
3. Nakalilalang ng kasanayan ang mga gawain	4.73	Napakataas	4.5
4. Nabibigyan pansin ang suliranin sa pagsulat	4.80	Napakataas	3
5. Nakatutulong sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral	4.87	Napakataas	2
<b>AWM</b>	<b>4.81</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahaan 3 ay naglalahad ng Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Gawain ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Ang mga gawain sa lokalisadong materyal ay napaka-interesante para sa mga mag-aaral, na may weighted mean na 4.90, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pakikilahok. Ang mga panuto sa materyal ay malinaw at madaling sundan (weighted mean: 4.73), na mahalaga para sa epektibong pagkatuto. Ang mga gawain ay nakatutulong sa paglinang ng mga kasanayan ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.73), na isang pangunahing layunin ng edukasyon. Ang mga gawain ay mahusay sa pagtukoy at pagtugon sa mga suliranin sa pagsulat ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.80). Bukod dito, ang mga gawain ay epektibong nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.87). Sa kabuuan nakakuha ng (average weighted mean na 4.81) na may verbal na interpretasyon na napakataas. Sa pangkalahatan, ang mga gawain sa lokalisadong materyal ay napakataas ang pagtanggap, na nagpapakita ng kanilang kahusayan sa paglinang ng kasanayan at interes ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang mga gawain ay mahusay sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, pagtaas ng interes at pakikilahok ng mga mag-aaral, at epektibong pagtugon sa kanilang mga pangangailangan at suliranin. Ang materyal ay epektibo at angkop sa pagsuporta sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

Giit pa nina Burden at Byrd (2013), ang mga gawain ay tumutukoy sa aprubadong mga pamamaraan upang makamit ang mga partikular na gawain. Ito ay nakalaan upang tulungan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan ang mga gawain na ito. Sa kabuuan, mapagtatanto na ang mga pagsasanay ay ang mga gawaing inihahanda ng mga guro upang masukat ang kaalamang natamo ng mga mag-aaral mula sa paggamit ng modyul o mula sa paggamit ng iba pang materyales. Nahahasa nito ang kaisipan ng mga mag-aaral sa natutunan sa aralin, maari din itong makatulong upang lalo pa nilang mapagbuti ang kaalaman nila bawat paksang tinatalakay.

#### Talahayan 4 Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Pagtataya

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Nagpapakita ng kahusayan upang makamit ang layunin	4.93	Napakataas	1
2. Naipakikita ang antas ng pag-unlad at kahusayan	4.67	Napakataas	5
3. Nasusuri ang kakayahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral	4.77	Napakataas	4
4. Nailalapat ng mga mag-aaral ang natutunan	4.80	Napakataas	3
5. Nakapagpapataas ng kasanayan	4.83	Napakataas	2
<b>AWM</b>	<b>4.80</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahayan 4 ay naglalahad ng Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Pagtataya ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Ang pagtataya ay nagpapakita ng mataas na antas ng kahusayan na kailangan upang makamit ang mga layunin ng edukasyon (weighted mean: 4.93). Ito ay epektibo rin sa pagpapakita ng antas ng pag-unlad at kahusayan ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.67). Ang pagtataya ay mahusay sa pagsusuri ng kakayahan at pangangailangan ng bawat mag-aaral (weighted mean: 4.77), na mahalaga para sa personalisadong edukasyon. Ang mga mag-aaral ay epektibong nailalapat ang kanilang mga natutunan (weighted mean: 4.80), na nagpapakita ng tunay na pag-unlad. Bukod dito, ang pagtataya ay nakapagpapataas ng kasanayan ng mga mag-aaral (weighted mean: 4.83). Sa kabuuan, Sa kabuuan nakakuha ng (average weighted mean na 4.80) na may verbal na interpretasyon na napakataas. Sa pangkalahatan, ang pagtataya sa lokalisadong materyal ay napakataas ang pagtanggap, na nagpapakita ng epektibong pagsusuri at pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang pagtataya sa lokalisadong materyal aynagpapakita ng epektibong pagsusuri at pag-unlad ng kanilang kasanayan. Ang mataas na weighted mean sa iba't ibang aspeto ng pagtataya ay nagpapakita na ang mga ito ay tumutugon sa mga layunin ng edukasyon, nagbibigay ng malinaw na indikasyon ng pag-unlad, at nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Ayonkay Monceda (2016), nakapokus sa pagtataya ng produkto ng pagkatuto, samantalang ang pagtuturo ay nakatuon sa epektibong pagbibigay ng patnubay. Ang layunin nito ay upang mailarawan ang nakamtang domeyn na sinusukat at upang masigurado na patas ang bawat narepresentang halimbawa ng mga katanungang lalabas sa pagsusulit sa mga mag-aaral upang mapagtagumpayan ang mga proseso sa pagkatuto.

#### Talahaayan 5 Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Akademikong Pagsulat batay sa Pagbabaybay

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Nakakakilala ang mga pantig ng mga salita	4.90	Napakataas	1
2. Nakasusulat ng salita na may wastong baybay	4.70	Napakataas	4.5
3. Naiaayos ang baybay ng mga salita	4.83	Napakataas	2
4. Naunawaan ang wastong pagsulat ng mga komposisyong nagbabago ang baybay	4.70	Napakataas	4.5
5. Natutugunan ang suliranin sa pagbabaybay sa wikang Filipino sa paggamit ng lokal na materyal	4.80	Napakataas	3
<b>AWM</b>	<b>4.79</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahayan 5 ay naglalahad ng Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Pagtataya ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay ay napakataas, batay sa iba't ibang aspeto ng pagsusulat. Unang-una, ang kakayahan ng mga mag-aaral na makakilala ng mga pantig ng mga salita ay nakakuha ng pinakamataas na weighted mean na 4.90, na nagpapakita ng kanilang napakataas na antas ng pag-unawa sa pagbabaybay. Ang pag-aayos ng baybay ng mga salita ay nasa pangalawang ranggo na may weighted mean na 4.83, na nagpapakita rin ng mataas na kasanayan. Ang paggamit ng lokal na materyal ay epektibong nakatutulong sa paglutas ng mga suliranin sa pagbabaybay, na may weighted mean na 4.80. Ang kakayahan ng mga mag-aaral na sumulat ng mga salita na may wastong baybay at ang pag-unawa sa wastong pagsulat ng mga komposisyong nagbabago ang baybay ay parehong may



weighted mean na 4.70, na nagpapakita ng napakataas na antas ng kasanayan. Sa kabuuan, ang average weighted mean (AWM) para sa pagbabaybay ay 4.79, na may verbal interpretation na Napakataas. Sa pangkalahatan Ito ay nagpapakita ng napakasiguradong pagtanggap mula sa mga mag-aaral sa kahusayan ng lokalisdong materyal sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagbabaybay.

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng malakas na pundasyon ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa aspetong ito ng pagsulat.

Paliwanag nga nina Oakley at Fellowes (2016), ang pagbabaybay ay isang kumplikadong kasanayan at isang mahalagang bahagi ng pagsulat. Ang mahusay na pagbabaybay ay isa ring panlipunang inaasahan at nag-aambag sa malinaw na komunikasyon sa isang nakasulat na mensahe. Ang pagbabaybay ay nangangailangan ng mahusay na kaalaman. Kasama sa kaalamang ito ang: kaalaman sa phonological - kaalaman sa sound structure ng wika kaalaman sa ortograpiya - kaalaman sa sistema ng mga nakasulat na simbolo na ginagamit upang kumatawan sa sinasalitang wika kaalaman sa morphemic - kaalaman sa pinakamaliit na bahagi ng mga salita na may kahulugan etymological knowledge - kaalaman sa pinagmulan ng mga salita.

#### Talahanayan 6 Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Akademikong Pagsulat batay sa Wastong Gamit ng Salita

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Naipahayag nang maayos ang tamang ugnayan ng mga salita sa isang pangungusap	4.87	Napakataas	1
2. Nabibigyang pansin ang pagpili ng mga salitang gagamitin sa pagbuo ng pahayag	4.77	Napakataas	3.5
3. Nakikilala ang mga pagkakamali sa pagsusulat ng malalaki at maliit na titik sa pahayag	4.63	Napakataas	5
4. Naayos ang mga pagkakamali sa pagsusulat ng malalaking at maliit na titik sa pahayag	4.77	Napakataas	3.5
5. Naayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag sa loob ng pangungusap	4.80	Napakataas	2
<b>AWM</b>	<b>4.77</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahanayan 6 ay naglalahad ng Antas ng pagtanggap ng lokalisdong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Wastong Gamit ng Salita ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Sa wastong gamit ng salita, ang kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang maayos ang tamang ugnayan ng mga salita sa isang pangungusap ay napakataas, na may weighted mean na 4.87. Ang pag-aayos ng pagkakasunod-sunod ng mga pahayag sa loob ng pangungusap ay may weighted mean na 4.80, na nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan. Ang pagbibigay-pansin sa pagpili ng mga salitang gagamitin sa pagbuo ng pahayag at ang pag-aayos ng mga pagkakamali sa pagsusulat ng malalaki at maliit na titik ay parehong may weighted mean na 4.77. Ang kakayahan ng mga mag-aaral na makilala ang mga pagkakamali sa pagsusulat ng malalaki at maliit na titik ay nakakuha ng weighted mean na 4.63. Sa kabuan, ang AWM para sa wastong gamit ng salita ay 4.77, na may verbal interpretation na "Napakataas. Sa pangkalahatan, ito ay nagpapakita ng napakasiguradong pagtanggap mula sa mga mag-aaral sa kahusayan ng lokalisdong materyal sa paglinang ng kanilang kasanayan sa wastong gamit ng salita

Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita ng malakas na pundasyon ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa aspetong ito ng pagsulat.

Dagdag pa nina Recorba et.al, (2016) ang kawastuhan sa paggamit ng mga salita ay mahalaga upang maging kaakit-akit ng pahayag. Ang paggamit ng mga salita ay nakatutulong upang maging maayos at mabisa ang pagpapahayag. Ang pagkakaroon ng maayos at malinaw pagpapahayag ay nakasasalalay sa paggamit ng tamang salita. Kailangan namaging ang mga salitang gagamitin upang makabuo ng isang makabuluhang pahayag.

#### Talahanayan 7 Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Akademikong Pagsulat batay sa Wastong Gamit ng Bantas

Mga pahayag	Weighted Mean	Verbal Interpretation	Rank
1. Nauunawaan ang tuntunin sa paggamit ng bantas	4.93	Napakataas	1
2. Nagagamit ang wastong bantas sa pangungusap	4.80	Napakataas	2.5
3. Natututuhan ang mga bantas at tamang paggamit nito	4.77	Napakataas	4.5

4. Natututuhan ang tamang paggamit ng angkop na bantas sa loob ng pangungusap	4.77	Napakataas	4.5
5. Nakakapagsagawa ng tamang paggamit ng mga pananda sa pagsusulat ng mga pangungusap	4.80	Napakataas	2.5
<b>AWM</b>	<b>4.81</b>	<b>Napakataas</b>	

Ang talahayan 7 ay naglalahad ng Antas ng pagtanggap ng lokalisadong materyal sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa Wastong Gamit ng Bantas ang mga nakalap na datos ay batay sa resulta ng pag-aaral at tinuos upang malaman ang kinalabas ng pag-aaral. Nauunawaan ang tuntunin sa paggamit ng bantas: Ang mga mag-aaral ay may napakataas na kasanayan sa pag-unawa sa mga tuntunin sa paggamit ng mga bantas, na may weighted mean na 4.93. Ito ay nagpapakita ng kanilang malalim na pag-unawa sa mga patakaran at regulasyon sa wastong paggamit ng bantas sa pagsulat. Nagagamit ang wastong bantas sa pangungusap: Ang mga mag-aaral ay mahusay sa paggamit ng wastong bantas sa mga pangungusap, na may weighted mean na 4.80. Ito ay nagpapakita ng kanilang kasanayan sa pagbuo ng maayos na pangungusap na may wastong paggamit ng mga bantas. Natututuhan ang mga bantas at tamang paggamit nito: Ang mga mag-aaral ay natututuhan ang mga bantas at ang tamang paggamit nito, na may weighted mean na 4.77. Ito ay nagpapahiwatig na ang kanilang pag-aaral ay nagdudulot ng positibong pag-unlad sa kanilang kaalaman at kasanayan sa wastong paggamit ng mga bantas.

Natututuhan ang tamang paggamit ng angkop na bantas sa loob ng pangungusap: Ang mga mag-aaral ay natututuhan ang tamang paggamit ng angkop na bantas sa loob ng pangungusap, na may weighted mean na 4.77. Ito ay nagpapakita ng kanilang kahusayan sa paggamit ng mga bantas sa tamang konteksto at sitwasyon sa loob ng pangungusap. Nakakapagsagawa ng tamang paggamit ng mga pananda sa pagsusulat ng mga pangungusap: Ang mga mag-aaral ay nakakapagsagawa ng tamang paggamit ng mga pananda sa pagsusulat ng mga pangungusap, na may weighted mean na 4.80. Ito ay nagpapakita ng kanilang kakayahan sa paggamit ng mga pananda tulad ng tuldok, kuwit, at iba pa sa wastong paraan sa pagsusulat.

Sa kabuuan, ang Average Weighted Mean (AWM) para sa Wastong Gamit ng Bantas ay 4.81, na may verbal interpretation na "Napakataas. Sa pangkalahatan, ito ay nagpapakita ng napakasiguradong pagtanggap mula sa mga mag-aaral sa kanilang kahusayan at kaalaman sa wastong paggamit ng mga bantas sa akademikong pagsulat.

Ang mga resulta ay nagpapakita ng kanilang matagumpay na pag-unlad at pag-aaral sa aspetong ito ng pagsulat.

Isa sa pinakamahalagang sangkap sa epektibong pagsulat ang paggamit ng wastong bantas sapagkat ito ang simbolo na nagpapakita ng kayarian at kaayusan ng nakasulat na wika, patina ang intonasyon at paghintong sandali na gagawin kapag nagbabasa nang malakas. Ang mga panuntunan ng pagbabantas ay pabago-bago ayon sa wika, lokasyon, rehistro, panahon at patuloy na umuunlad at nagbabago. Ang ibang partikular na mga aspekto ng bantas ay may estilo at kung sa gayon, ay ayon sa pagpiling ginawa ng may-akda o ng patnugot. Sa tulong ng bantas, nalalaman ng mambabasa ang nais na iparating ng pahayag na binabasa (Lee, 2020).

#### **Tahanayang 8 Antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga mag-aaral ng pangkat kontrol at eksperimental sa Filipino ayon sa kanilang iskor sa paunang pagsusulat**

Group	Sample Size	Mean	Std. Deviation	Verbal Interpretation
Control	30.00	14.90	4.47	Fairly Satisfactory
Experimental	30.00	14.57	4.13	Fairly Satisfactory

